CALIFORNIA DEPARTMENT OF JUSTICE

OFFICE OF THE ATTORNEY GENERAL

# BUREAU OF CHILDREN'S JUSTICE (KAWANIHAN NG KATARUNGAN NG MGA BATA) FACT SHEET

Ang California Department of Justice (DOJ) ay nakatuon sa pagprotekta sa mga karapatan ng mga kabataan ng California, ang ilan sa mga walang kalaban-laban na residente ng estado. Nagsisikap ang Bureau of Children's Justice (BCJ) ng DOJ, bahagi ng Civil Rights Enforcement Section (CRES), upang tugunan ang mga sistematikong isyu na nakakaapekto sa mga bata at kabataan sa estado sa pamamagitan ng mga pagsisiyasat, paglilitis, at adbokasiya.

## PINOPROTEKTAHAN NG DOJ ANG MGA BATA NG CALIFORNIA SA PAMAMAGITAN NG:

### PAGSIRA NG MGA HADLANG SA MATAAS NA KALIDAD AT PATAS NA EDUKASYON

Mula sa pakikipaglaban para sa pantay na access sa pondo at mga mapagkukunan at mataas na kalidad na edukasyon para sa lahat ng mag-aaral anuman ang lahi, kulay, bansang pinagmulan, katayuan sa imigrante, sekso, kasarian, o kayamanan, hanggang sa pagtiyak na hindi mararanasan ng mga mag-aaral ang panliligalig o diskriminasyon at sa pagtiyak na ang mga panuntunan sa nutrisyon sa pagkain sa paaralan ay nakabatay pinakamahusay health science, nagsisikap ang DOJ na matiyak na maaaring umunlad ang lahat ng mag-aaral sa California sa mga paaralang may mataas na pagganap at nakatuon na tugunan ang kanilang buong potensyal.

### PAGPROTEKTA SA MGA BATA MULA SA PANG-AABUSO AT KAPABAYAAN

Sa buong bansa, tinatayang isa sa apat na bata ang nakakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya, na maaaring magdulot ng matindi at pangmatagalang pinsala sa mga biktima. Ang DOJ ay nagsasagawa ng mga pagsisiyasat, nakikilahok sa paglilitis at nagbibigay ng patnubay upang matiyak na ang mga lokal na ahensyang pang-edukasyon at mga awtoridad sa kapakanan ng bata ay pinoprotektahan ang mga bata at kabataan sa California mula sa pang-aabuso at pagpapabaya.

### PAGTATANGGOL SA MGA KARAPATAN NG MGA KOMUNIDAD NA WALANG KALABAN-LABAN

Milyun-milyong bata sa California ay mula sa mga komunidad na kulang sa serbisyo at marginalized, kabilang ang mga batang LGBTQ+, mga batang may kapansanan, kabataang hindi puti, at mga batang imigrante. Ang sentro ng gawain ng DOJ ay ang pagtugon at pagtatanggol sa kanilang mga karapatan. Iniimbestigahan ng DOJ ang mga pampubliko at pribadong entidad na naglilingkod sa mga bata, naghain ng mga amicus brief, at naglalathala ng patnubay para sa iba't ibang ahensya upang matiyak ang pantay na pagtrato sa lahat ng mag-aaral sa California at maprotektahan sila mula sa panliligalig at diskriminasyon.

### PAGPROTEKTA SA MGA FOSTER CHILDREN

Mahigit 50,000 bata at kabataan ang nasa foster care sa California. Ang mga bata sa foster care ay madalas na nakaranas ng pang-aabuso at kapabayaan, at mas malamang na palaging lumiban at bihirang makapagtapos ng high school. Ang pagsisikap upang matiyak na iginagalang ang mga karapatan ng walang kalaban-laban na grupong ito ay ang sentro ng gawain ng DOJ.

### PAGSASAGAWA NG JUVENILE JUSTICE REFORM

Ang pagkakulong ay maaaring magdulot ng matinding mental, pisikal, at emosyonal na pinsala sa kabataan, at kadalasang humahantong sa mas mataas na rate ng muling pag-aresto at pagkakasangkot sa hustisyang kriminal bilang isang adulto. Nagsisikap ang DOJ na protektahan ang ilang libong kabataan na nakakulong sa mga juvenile facility ng California at tiyakin na sila ay ligtas, tinatrato nang may paggalang at dignidad, at may access sa mga serbisyong kinakailangan ayon sa batas, kabilang ang pangangalagang medikal, mga rehabilitative program, paglilibang sa labas, at edukasyon, na mahalaga upang maiwasan ang nakagawiang muling paggawa ng krimen (recidivism) at tulungan sila sa landas tungo sa tagumpay.

### Pagtaguyod sa Pagkakaiba-iba sa mga Paaralan

Ang pagpapahintulot sa mga mag-aaral na malaman ang magkakaibang pananaw at paraan ng pamumuhay na makikita sa kanilang staff sa paaralan, mga silid-aralan, at kurikulum ay mahalaga para sa kagalingan, mga resulta sa edukasyon, at sa tagumpay sa ekonomiya at sa lipunan sa hinaharap ng California. Nakikibahagi ang DOJ sa paglilitis at adbokasiya upang matiyak na nagpapatupad ang mga paaralan ng mga patakaran na nagpapaunlad ng higit na pagkakaiba-iba at nagbibigay ng ligtas at walang diskriminasyon na kapaligiran sa pag-aaral para sa mga mag-aaral.

### Pagbabago sa mga Patakaran sa Disiplina ng Paaralan

Ang mga pagsususpinde at pagpapatalsik ay lubusang nagpapataas ng posibilidad na kalaunang tumigil sa pag-aaral ang isang mag-aaral o masangkot sa juvenile justice system. Gamit ang mga pagsisiyasat, patnubay, at paglilitis, nagsisikap ang DOJ na protektahan ang mga mag-aaral mula sa diskriminasyon at labis na pagdidisiplina at isulong ang mga alternatibong magagamit ng mga paaralan na nakabatay sa pananaliksik.

## *Mga Sanggunian*

Upang tingnan ang buong saklaw ng gawaing isinasagawa ng Bureau of Children’s Justice, **bisitahin ang oag.ca.gov/bcj**

**OAG.CA.GOV/BCJ**

Upang magbigay ng mga tip o maghain ng reklamo na nauugnay sa mga karapatan ng mga bata, bisitahin **ang oag.ca.gov/bcj/complaint** *Mahalagang paalaala: Nakatuon ang BCJ sa mga sistematikong isyu o isyu na nakakaapekto sa mas maraming ng mga bata o kabataan.*

**OAG.CA.GOV/BCJ/COMPLAINT**

Upang tingnan ang lahat ng legal na gabay na ibinigay ng BCJ, bisitahin ang **oag.ca.gov/bcj/legal**

**OAG.CA.GOV/BCJ/LEGAL**